# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 26

"8 Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios." (Mateo 5:8)

Ang may malinis na puso ay masaya; ang kabanalan at kagalakan ay ganap na pinagtugma buo at pinagsama. Walang kasiyahan ng walang kadalisayan, at ang totoong kaligayahan ay kapag ito ay sinamahan ng kadalisayan ng walang kasalanan. Ang pamumuhay sa kasalanan ay magaalis ng kagalakan ng Diyos mula sa ating mga puso.

Ang mga may malinis na puso ay masaya. Kapag nililinis natin ang ating puso tayo ay magiging masaya at maligaya. Kapag nililinis natin ang ating puso makilala natin ang Diyos.

Ating basahin ang sumusunod na totoong kuwento ni Haring David at ang mga Israelita na magtuturo sa atin upang dalisayin at linisin ang ating mga puso mula sa lahat ng mga kasalanan.

"1 At ang galit ng Panginoon ay nagalab uli laban sa Israel, at kaniyang kinilos si David laban sa kanila, na sinabi, Ikaw ay yumaon, iyong bilangin ang Israel at Juda. 2 At sinabi ng hari kay Joab na puno ng hukbo, na kasama niya, Magparoo't parito ka nga sa lahat ng mga lipi ng Israel, mula sa Dan hanggang sa Beer-seba, at bilangin ninyo ang bayan, upang aking maalaman ang kabuoan ng bayan. 3 At sinabi ni Joab sa hari, Ngayo'y dagdagan ng Panginoon mong Dios ang bayan, sa gaano man karami sila, ng makaisang daan pa; at makita ng mga mata ng aking panginoon na hari: nguni't bakit nalulugod ang panginoon ko na hari sa bagay na ito? 4 Gayon ma'y ang salita ng hari ay nanaig laban kay Joab, at laban sa mga puno ng hukbo. At si Joab at ang mga puno ng hukbo ay nagsilabas mula sa harapan ng hari upang bilangin ang bayan ng Israel. 5 At sila'y nagsitawid ng Jordan, at nagsihantong sa Aroer sa dakong kanan ng bayan na nasa gitna ng libis ng Gad, at sa Jazer: 6 Saka sila nagsiparoon sa Galaad, at sa lupain ng Tatimhodsi; at sila'y nagsidating sa Dan-jaan at sa palibot hanggang sa Sidon. 7 At nagsiparoon sa katibayan ng Tiro, at sa lahat ng mga bayan ng mga Heveo, at ng mga Cananeo; at sila'y nagsilabas sa timugan ng Juda, sa Beer-seba. 8 Sa gayon nang sila'y makapagparoo't parito na, sa buong lupain, ay nagsiparoon sila sa Jerusalem sa katapusan ng siyam na buwan at dalawang pung araw. 9 At ibinigay ni Joab sa hari ang bilang ng pagkabilang sa bayan; at mayroon sa Israel na walong daang libo na matapang na lalake na nagsisihawak ng tabak; at ang mga tao sa Juda ay limang daang libong lalake. 10 At ang puso ni David ay sinaktan niya pagkatapos na kaniyang nabilang ang bayan. At sinabi ni David sa Panginoon, Ako'y nagkasala ng malaki sa aking nagawa: nguni't ngayo'y isinasamo ko sa iyo na iyong pawiin ang kasamaan ng iyong lingkod; sapagka't aking ginawa ng buong kamangmangan. 11 At nang bumangon si David sa kinaumagahan, ang salita ng Panginoon ay dumating sa propeta Gad na tagakita ni David, na sinasabi, 12 Ikaw ay yumaon at salitain mo kay David, Ganito ang sabi ng Panginoon, Pinagpapalagayan kita ng tatlong bagay; pumili ka ng isa sa mga yaon upang aking magawa sa iyo. 13 Sa gayo'y naparoon si Gad kay David, at nagsaysay sa kaniya: at nagsabi sa kaniya, Darating ba sa iyo ang pitong taon na kagutom sa iyong lupain? o tatakas ka bang tatlong buwan sa harap ng iyong mga kaaway samantalang hinahabol ka nila? o magkakaroon ba ng tatlong araw na pagkasalot sa iyong lupain? ngayo'y muniin mo, at dilidilihin mo kung anong kasagutan ang aking ibabalik doon sa nagsugo sa akin. 14 At sinabi ni David kay Gad, Ako'y nasa totoong kagipitan: mahulog tayo ngayon sa kamay ng Panginoon; sapagka't ang kaniyang mga kaawaan ay dakila: at huwag akong mahulog sa kamay ng tao. 15 Sa gayo'y nagsugo ang Panginoon ng salot sa Israel mula sa umaga hanggang sa takdang panahon: at namatay sa bayan mula sa Dan hanggang sa Beer-seba ay pitong pung libong lalake. 16 At nang iunat ng anghel ang kaniyang kamay sa dakong Jerusalem upang gibain ay nagsisi ang Panginoon sa kasamaan, at sinabi sa anghel na lumipol ng bayan, Siya na; ngayo'y itigil mo ang iyong kamay. At ang anghel ng Panginoon ay nasa giikan ni Arauna na Jebuseo. 17 At nagsalita si David sa Panginoon, nang kaniyang makita ang anghel na sumakit sa bayan, at nagsabi, Narito, ako'y nagkasala, at ako'y gumawa ng kalikuan; nguni't ang mga tupang ito, ano ang ginawa? isinasamo ko sa iyo na ang iyong kamay ay maging laban sa akin, at laban sa sangbahayan ng aking ama.18 At si Gad ay naparoon sa araw na yaon kay David, at nagsabi sa kaniya, Ikaw ay yumaon, magtayo ka ng isang dambana sa Panginoon sa giikan ni Arauna na Jebuseo. 19 At si David ay umahon ayon sa sinabi ni Gad, kung paanong iniutos ng Panginoon. 20 At tumanaw si Arauna, at nakita ang hari, at ang kaniyang mga lingkod na nagsisilapit sa kaniya; at si Arauna ay lumabas at nagpatirapa sa harap ng hari. 21 At sinabi ni Arauna: Bakit ang aking panginoon na hari ay naparito sa kaniyang lingkod? At sinabi ni David, Upang bilhin ang giikan sa iyo, na mapagtayuan ng isang dambana sa Panginoon, upang ang salot ay magtigil sa bayan. 22 At sinabi ni Arauna kay David, Kunin ng aking panginoon na hari, at ihandog kung ano ang inaakala niyang mabuti: narito, ang mga baka na panghandog na susunugin, at ang mga kagamitan sa giikan at ang mga pamatok ng mga baka na pang kahoy: 23 Ang lahat na ito, Oh hari, ibinibigay ni Arauna sa hari. At sinabi ni Arauna sa hari, Tanggapin ka nawa ng Panginoon mong Dios. 24 At sinabi ng hari kay Arauna, Huwag; kundi katotohanang bibilhin ko sa iyo sa halaga: hindi nga ako maghahandog ng mga handog na susunugin sa Panginoon kong Dios na hindi nagkahalaga sa akin ng anoman. Sa gayo'y binili ni David ang giikan at ang mga baka ng limang pung siklong pilak. 25 At nagtayo roon si David ng isang dambana sa Panginoon, at naghandog ng mga handog na susunugin at ng mga handog tungkol sa kapayapaan. Sa gayo'y nadalanginan ang Panginoon dahil sa lupain, at ang salot ay tumigil sa Israel." (2 Samuel 24:1-25)

"1 At ang galit ng Panginoon ay nagalab uli laban sa Israel, at kaniyang kinilos si David laban sa kanila, na sinabi, Ikaw ay yumaon, iyong bilangin ang Israel at Juda." (2 Samuel 24:1) Hindi dito nabanggit kung bakit ang galit ng Panginoon ay nagalab laban sa Israel, ngunit sigurado para sa tiyak na mga kasalanan ng mg Israelita'y nagkasala at hindi nagsisi doon.Ang Diyos ay kumilos kay Haring David laban sa kanila upang pumunta at sabihin na bilangin ang Israel at Juda. Ngayon kung ang Diyos ang nagtulak kay David upang gawin iyon, Ano ang kasalanan ni David? Si David ay nagkasala dahil ang Diyos ang kumilos kay David upang gawin iyon, Ipinakita Niya din sa kanya sa huli na ito'y hindi tama, ngunit kahit na si David ay hindi tumigil mula sa pagpapabilang ng mga tao.

"2 At sinabi ng hari kay Joab na puno ng hukbo, na kasama niya, Magparoo't parito ka nga sa lahat ng mga lipi ng Israel, mula sa Dan hanggang sa Beer-seba, at bilangin ninyo ang bayan, upang aking maalaman ang kabuoan ng bayan." (2 Samuel 24:2) Dito inutusan ni

David si Job upang umalis at gawin iyon at hindi niya sinabi na sinabi ng Diyos na gawin niya yun, ngunit sinabi niya," upang aking malaman ang kabuoan ng bayan." Kaya si David ay kinuha iyon ng pansariling paraan bilang kanyang sariling kapasyahan, at dahil dito'y dinisiplina siya ng Diyos bilang ating makikita mamaya. Ang Diyos sa ginawa ni David , dinisiplina Niya din ang buong Israelita'y para sa kanilang mga kasalanan.

"3 At sinabi ni Joab sa hari, Ngayo'y dagdagan ng Panginoon mong Dios ang bayan, sa gaano man karami sila, ng makaisang daan pa; at makita ng mga mata ng aking panginoon na hari: nguni't bakit nalulugod ang panginoon ko na hari sa bagay na ito?" (2 Samuel 24:3) Dito si Job ay kinompronta si David, na sa anong inutos sa kanila upang gawin ay hindi tama upang mapagtanto niya ang maling ginawa. Ngunit si Haring David ay napangunahan ng kanyang pagmamataas at pagmamalaki at ng kanyang masamang hangarin. Ang Diyos ay hinayaan na mangyari dahil Siya ay matuwid na Diyos at hindi parurusahan ang sinumang hindi matuwid. Ang Diyos ay matuwid na Diyos at paparusahan Niya tayo ng makatarungan ayon sa ating maling gawa

"4 Gayon ma'y ang salita ng hari ay nanaig laban kay Joab, at laban sa mga puno ng hukbo. At si Joab at ang mga puno ng hukbo ay nagsilabas mula sa harapan ng hari upang bilangin ang bayan ng Israel." (2 Samuel 24:4) Kaya ngayon malinaw na si David ay nagpakita na kung ano ang kanyang inuutos sa kanila na gawin ay hindi makaDiyos at hindi pagpapalain ng Diyos. Tunay na ang Diyos ay kumilos kay David upang bilangin ang mga tao, ngunit ang kanyang pansariling hangarin sa pagpapabilang sa mga tao ay kasalanan. Gayundin bilang pagtutol ng kanyang mga tao ay nagpasilawat nito, ngunit siya ay tumanggi upang baguhin ang kanyang isip tungkol dito.

Samakatuwid ang mga lalaki ay iniwan si David at nagpatuloy sa kanilang paglalakbay upang gawin ang gawain. "5 At sila'y nagsitawid ng Jordan, at nagsihantong sa Aroer sa dakong kanan ng bayan na nasa gitna ng libis ng Gad, at sa Jazer: 6 Saka sila nagsiparoon sa Galaad, at sa lupain ng Tatimhodsi; at sila'y nagsidating sa Dan-jaan at sa palibot hanggang sa Sidon. 7 At nagsiparoon sa katibayan ng Tiro, at sa lahat ng mga bayan ng mga Heveo, at ng mga Cananeo; at sila'y nagsilabas sa timugan ng Juda, sa Beer-seba. 8 Sa gayon nang sila'y makapagparoo't parito na, sa buong lupain, ay nagsiparoon sila sa Jerusalem sa katapusan ng siyam na buwan at dalawang pung araw."( 3 Samuel 24:5-8) Kaya sila'y umikot sa buong kalupaan upang gawin ang utos at ito'y tumagal ng ilang buwan sa kanila upang makamit iyon. "9 At ibinigay ni Joab sa hari ang bilang ng pagkabilang sa bayan; at mayroon sa Israel na walong daang libo na matapang na lalake na nagsisihawak ng tabak; at ang mga tao sa Juda ay limang daang libong lalake." (2 Samuel 24:9)

"10 At ang puso ni David ay sinaktan niya pagkatapos na kaniyang nabilang ang bayan. At sinabi ni David sa Panginoon, Ako'y nagkasala ng malaki sa aking nagawa: nguni't ngayo'y isinasamo ko sa iyo na iyong pawiin ang kasamaan ng iyong lingkod; sapagka't aking ginawa ng buong kamangmangan. 11 At nang bumangon si David sa kinaumagahan, ang salita ng Panginoon ay dumating sa propeta Gad na tagakita ni David, na sinasabi, 12 Ikaw ay yumaon at salitain mo kay David, Ganito ang sabi ng Panginoon, Pinagpapalagayan kita ng tatlong bagay; pumili ka ng isa sa mga yaon upang aking magawa sa iyo. 13 Sa gayo'y naparoon si Gad kay David, at nagsaysay sa kaniya: at nagsabi sa kaniya, Darating ba sa iyo ang pitong taon na kagutom sa iyong lupain? o tatakas ka bang tatlong buwan sa harap ng iyong mga kaaway samantalang hinahabol ka nila? o magkakaroon ba ng tatlong araw na pagkasalot sa iyong lupain? ngayo'y muniin mo, at dilidilihin mo kung anong kasagutan ang aking ibabalik doon sa nagsugo sa akin. " (2 Samuel 24:10-13) Si David pagkatapos niyang nagawa ang kanyang maling ginawa siya ay nahatulan sa kanyang maling ginawa at siya'y nagpahayag ng kanyang kasalanan sa Diyos. "10 At ang puso ni David ay sinaktan niya pagkatapos na kaniyang nabilang ang bayan. At sinabi ni David sa Panginoon, Ako'y nagkasala ng malaki sa aking nagawa: nguni't ngayo'y isinasamo ko sa iyo na iyong pawiin ang kasamaan ng iyong lingkod; sapagka't aking ginawa ng buong kamangmangan." (2 Samuel 24:10)

Ang puso ni David ay sinaktan niya sapagkat siya'y nahatulan sa kanyang maling ginawa. "20 Sapagka't kung hinahatulan tayo ng ating puso, ang Dios ay lalong dakila kay sa ating puso, at nalalaman niya ang lahat ng mga bagay." (1 Juan 3:20) Ito ang inaasahan ng Diyos ngayon na marinig mula sa Kanyang simbahan at sa kanyang mga lingkod: na kami'y nagkasala ng napalaki sa aming ginawa, at kami'y nagsumamo sa Diyos upang alisin ang aming mga kasalanan. Kailangan natin gawin iyon upang ang Kanyang biyaya ay bumalik sa atin: tayo na Kanyang bayan.

Ang tanong ay kung paano si David ay nahatulan sa kaniyang ginawa ay kasalanan? Maari mong sabihin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ngunit kung iyong ba basahin ang kasunod na bersekulo malaman kung paano si David ay nahatulan. "11 At nang bumangon si David sa kinaumagahan, ang salita ng Panginoon ay dumating sa propeta Gad na tagakita ni David, na sinasabi, 12 Ikaw ay yumaon at salitain mo kay David, Ganito ang sabi ng Panginoon, Pinagpapalagayan kita ng tatlong bagay; pumili ka ng isa sa mga yaon upang aking magawa sa iyo." (2 Samuel 24:11-12) Kaya ibig sabihin dito na si David ay nahatulan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na ipinadala sa kanya sa pamamagitan ng propetang si Gad. Para sa ganitong kadahilanan kailangan nating magpatuloy na magbasa araw araw ng Salita ng Diyos na hahatol sa lahat ng ating mga kasalanan, upang gabayan tayo na makapagsisisi.

Para sa parehong dahilan, kailangan din nating magpatuloy upang magpahayag at magturo ng Salita ng Diyos sa iba na sila'y maaring mahatulan para sa kanilang mga kasalanan at magsisi sa kanilang maling gawain.

"13 Sa gayo'y naparoon si Gad kay David, at nagsaysay sa kaniya: at nagsabi sa kaniya, Darating ba sa iyo ang pitong taon na kagutom sa iyong lupain? o tatakas ka bang tatlong buwan sa harap ng iyong mga kaaway samantalang hinahabol ka nila? o magkakaroon ba ng tatlong araw na pagkasalot sa iyong lupain? ngayo'y muniin mo, at dilidilihin mo kung anong kasagutan ang aking ibabalik doon sa nagsugo sa akin." (2 Samuel 24:13) Si David noong narinig niya na siya'y nahatulan ng kanyang kasalanan. Siya ay humiling upang mamili at upang ibigay ng malinaw ang sagot sa kanyang napili sa kung anong kaparusahan bilang kinahihinatnan ng kanyang kasalanan.

"14 At sinabi ni David kay Gad, Ako'y nasa totoong kagipitan: mahulog tayo ngayon sa kamay ng Panginoon; sapagka't ang kaniyang mga kaawaan ay dakila: at huwag akong mahulog sa kamay ng tao." (2 Samuel 24:14) Si David ay nagdesisyon na mahulog sa kamay ng Diyos. Sinabi niya, "mahulog tayo ngayon sa kamay ng Panginoon; sapagkat ang Kanyang kaawaan ay dakila; at huwag akong mahulog sa kamay ng tao." Siya ay desidio upang mahulog sa kamay ng Diyos at hindi sa kamay ng tao dahil ang Diyos ay maawain at kaaawaan patungo sa Kanya. Noong siya'y desidido upang mahulog sa kamay ng Diyos, pinili Niya magkaroon ng tatlong araw ng salot, "15 Sa gayo'y nagsugo ang Panginoon ng salot sa Israel mula sa umaga hanggang sa takdang panahon: at namatay sa bayan mula sa Dan hanggang sa Beer-seba ay pitong pung libong lalake." (2 Samuel 24:15) Kaya ang salot dito ay galing mula sa Diyos na hinayaan Walang tao na maaring nagpadala ng salot. Ang taggutom ay maaring likhain ng tao, ang digmaan ay maaring likhain ng tao ngunit ang salot ay sa Diyos lamang magmumula. Sa pagsisisi ni David hinayaan ng Diyos ang salot na dumating sa tatlong araw lamang, at para sa tatlong araw pitumpong libo katao ang namatay dahil sa salot.

Ngayon ang COVID 19 ay pinsala sa buong mundo ngunit walang katapusan ito. Bakit? Walang tunay na pagsisisi. Maraming pagpapahayag at katuruan ngunit walang pagsisisi. Si David noong siyang sinaway sa pamamagitan ng propetang si Had at noong sinaktan niya ang kanyang puso, siya'y nagsisi, at inihayag. "ako'y nagkasala ng malaki sa aking nagawa: ngunit ngayo'y isinasamo ko sa iyo na iyong pawiin ang kasamaan ng iyong lingkod; sapagkat aking ginawa ng buong kamangmangan." (2 Samuel 24:10) Sa ngayon ang pinuno ng mga simbahan at ang lingkod ng Diyos sa pagdating ng COVID 19 ay ganon pa din na nagmamalaki sa kanilang makamit at kanilang maling ginawa , kaya kung bakit amg salot ng COVID 19 ay nagpapatuloy.

Sigurado na ang Panginoon noong ipinadala Niya ang salot hindi lamang si David ang nagsisi, ngunit ang mga Israelita ganon din nagsisi sa kanilang mga kasalanan. "16At nang iunat ng anghel ang kaniyang kamay sa dakong Jerusalem upang gibain ay nagsisi ang Panginoon sa kasamaan, at sinabi sa anghel na lumipol ng bayan, Siya na; ngayo'y itigil mo ang iyong kamay. At ang anghel ng Panginoon ay nasa giikan ni Arauna na Jebuseo." (2 Samuel 24:16)g Ang Diyos ay maawain sa kanyang mga lingkod pagkatapos makita ang kababaang paguugali ni Haring David. Ang ating pagsisisi ay ating pagpapakumabab na paguugali patungo sa Diyos ay magbibigay sa atin at sa mga taong nakapaligid sa atin ng awa ng Diyos.

"17At nagsalita si David sa Panginoon, nang kaniyang makita ang anghel na sumakit sa bayan, at nagsabi, Narito, ako'y nagkasala, at ako'y gumawa ng kalikuan; nguni't ang mga tupang ito, ano ang ginawa? isinasamo ko sa iyo na ang iyong kamay ay maging laban sa akin, at laban sa sangbahayan ng aking ama." (2 Samuel 24:17) Ito ang inaasahan ng Diyos na marinig mula sa atin ngayon, mula sa mga pinuno ng simbahan, at mula sa Kanyang mga lingkod, na sila'y tumanggap at kilalanin ang kanilang sariling mga kasalanan at kanilang maling ginagawa.

Si David ay hindi nakipaglaban sa propetang si Gad na siyang humarap sa kanya, hindi siya lumaban sa kanyang pinuno, hindi niya inakusahan ang kanyang mga tao, ngunit inilagay niya ang buong sisi sa kanyang sarili. Ang Diyos ang gusto sa atin ay gawin ang parehong paraan. Hindi dapat natin isisi sa ibang tao ngunit sa ating sarili na nakagawa ng maling gawain. Si David pagkatapos niyang linisin ang kanyang puso nakita niya ang anghel ng Diyos ng kanyang mga mata. Sa parehong paraan makikita natin ang Diyos sa ating buhay kung ating ihahayag ang ating mga kasalanan at kikilalanin sila at sa pagpapanatili ng ating mga puso na dalisay sa harapan ng Diyos.

Samakatuwid, sa ganitong paguugali dumating ang awa ng Diyos Kay David. Noong nilinis na ang puso ni David sa harap ng Diyos at nagsisi sa harapan ng Diyos, ang Panginoon ay dumating sa kanya ng may kapatawaran at kaawaan. "18 At si Gad ay naparoon sa araw na yaon kay David, at nagsabi sa kaniya, Ikaw ay yumaon, magtayo ka ng isang dambana sa Panginoon sa giikan ni Arauna na Jebuseo." (2 Samuel 24:18) Si David ay sinabihan upang pumunta at magtayo ng dambana sa Panginoon sa sakahan ni Arauna na Jebuseo, at sa parehong lugar ang templo ng Diyos ay itatayo ni Solomon sa huli. Ang Diyos ay babalik sa atin kapag nagawa na nating linisin amg ating puso sa harap ng Diyos at kilalanin amg ating mga kasalanan at ating pagkukulang sa harapan Niya. Ang Diyos ay pababalikin Niya tayo sa Kanya at ibabalik ang ministerio at sasabihan tayo na umalis at maging bahagi sa pagtatayo ng Kanyang simbahan.

Si David ay sumunod sa Diyos at pumunta sa lugar na nais ng Diyos na siya'y pumunta. "19At si David ay umahon ayon sa sinabi ni Gad, kung paanong iniutos ng Panginoon. 20 At tumanaw si Arauna, at nakita ang hari, sag ang kaniyang mga lingkod na nagsisilapit sa kaniya; at si Arauna ay lumabas at nagpatirapa sa harap ng hari." (2 Samuel 24:19-20) Si Arauna ay hindi Judio ngunit siya'y taong nabago na nagalak sa Diyos at nagalak upang gawin ang Kanyang kalooban. "21 At sinabi ni Arauna: Bakit ang aking panginoon na hari ay naparito sa kaniyang lingkod? At sinabi ni David, Upang bilhin ang giikan sa iyo, na mapagtayuan ng isang dambana sa Panginoon, upang ang salot ay magtigil sa bayan." (2 Samuel 24:21) Si Arauana ay nagtanong mula Kay David na nagsabi sa kanya ng buong katotohanan ng kuwento at kanyang dahilan upang bilhin anh kanyang sakahan upang siya'y makapagpatayo ng dambana sa Panginoon upang ang salot ay tumigil. Si David ay hindi nagtago ng anuman mula sa kanyang kasalanan kay Arauna. Sa parehong paraan kailangan nating magsisi mula sa ating mga kasalanan upang hindi tayo mahiya upang sabihin sa iba ang anumang ating nagawang mali.

"22 At sinabi ni Arauna kay David, Kunin ng aking panginoon na hari, at ihandog kung ano ang inaakala niyang mabuti: narito, ang mga baka na panghandog na susunugin, at ang mga kagamitan sa giikan at ang mga pamatok ng mga baka na pang kahoy: 23 Ang lahat na ito, Oh hari, ibinibigay ni Arauna sa hari. At sinabi ni Arauna sa hari, Tanggapin ka nawa ng Panginoon mong Dios." (2 Samuel 24:22-23) Si Arauna ay pumayag kay David at ibinigay sa kanya sa kung anong kanyang sinabi, sapagkat siya'y nagagalak na maging bahagi sa mabuting mga bagay na hiniling ng Diyos Kay David na gawin. Si Arauna ay umalis sa daanan at malayang iniaalay ang lupa, ang baka at ang mga kagamitan na gagamitin ni David bilang susunuging handog. Bagkus si David ay tumanggi na kunin ito ng walang bayad. Siya'y naggiit upang magbayad dahil ayaw niyang maghandog sa Diyos ng hindi nagkakahalaga sa kanya ng anoman. "24 At sinabi ng Hari kay Arauna, Huwag ; katotohanang bibilhin ko sa iyo sa halaga: Hindi nga ako maghahandog ng mga handog na susunugin sa

Panginoon kong Diyos na hindi nagkakahalaga sa akin ng anoman. Sa gayo'y binili ni David ang giikan at ang mga baka ng limam pung siklong pilak. 25 At nag tayo too si David ng isang dambana sa Panginoon, at naghandog tungkol sa kapayapaan. Sa gayo'y nadalanginan ang Panginoon dahil sa lupain, at ang salot ay tumigil sa Israel." (2 Samuel 24:1-25) Si David ay nagbayad ng limam pung siklo pilak para sa lahat, at ipinatayo niya ng dambana para sa Panginoon at naghando ng handog na susunugin pagbibigay ng kaniyang buong buhay sa Diyos at paghahandog sa kapayapaan paghahandog upang dalahin ang kapayapaan ng Diyos sa kanyang buhay. Mayroong paghahandog sa kasalanan sa Lumang Testamento, ang mga nagkasala sila'y kailangan maghandog ng isang bagay na nagkakahalaga sa kanila ng isang bagay. Hindi ko sinsabi na maari nating bayaran ang ating kaligtasan ng paghahandog at pagbibigay ng materyal na mga bagay, ngunit kailangan nating pagbayaran ang halaga ng anong nagawa nating mali at dalhin ang kinahinatnan ng ating mga kasalanan.

Gayundin kailangan nating maunawaan na kailangan nating maghandog mula sa ating mga puso ano ang nararapat sa Diyos, mula sa ikapu, unangbunga, at mga panata. Kailangan nating magkaroon ng malinis na puso at ihayag na ang ating kagustuhan upang ialay sa Diyos ang ating mga puso, amg ating buhay at ating mga materyal na bagay sa kung kailan tayo ay tinawag na gawin iyon. Si David ay may malinis na puso noong siya'y nagsisisi, at hindi siya nanglamang kay Arauna na naghandog sa kanya ng walang bayad. Alam niya na kailangan niyang bayaran mahal sa Diyos kung ano ang sinabi Niya sa kanya upang gawin. Sa parehong paraan kailangan nating gawin ang buong responsibilidad sa harapan ng Diyos, at naisin na naghandog ng tamang sakripisyo na nagpapahayag ng ating tunay na pagsisisi patungo sa Diyos.

Sa aking mahal at minamahal:

Ang kabanalan at kasiyahan ay ganap na pinagtugma at pinagsama. Walang kasiyahan ng walang kadalisayan, at ang tunay na kasiyahan ay kung ito'y sinamahan ng kalinisan at ng hindi kasalanan. Ang pamumuhay sa kasalanan ay nagaalis ng kagalakan ng Diyos mula sa ating puso.

Kapag dinadalisay mo ang iyong puso ikaw ay magiging masaya at may galak. Kapag nililinis mo ang iyong puso makikita mo ang Diyos.

Ang mga kasalanan at mga maling gawain na hindi pinagsisihan ay magpapasiklab ng galit ng Diyos laban sayo, at makikita mo amg iyong sarili isang araw na nasa kaguluhan upang disiplinahin ka para sa iyong mga kasalanan. Ang mga salot at karamdaman ay hinayaan ng Diyos upang dumating sayo kung iyong kasalanan ay mananatili at mamahala sa iyong buhay. Samakatuwid ihayag mo ang iyong mga kasalanan ngayon sa Diyos at talikuran ang mga ito upang ikaw ay may malinis na puso sa harapan Niya.

Sa ngayon ang mga pinuno ng simbahan at ang mga lingkod ng Diyos sa pagdating ng COVID 19 ay pinagmamalaki pa din ang kanilang nakamit at ang kanilang maling gawain, kaya naman kung bakit ang salot ng COVID 19 ay patuloy pa din.

Ang iyong pagsisisi at mapagkumbabang paguugali patungo sa Diyos ay magbibigay sayo at sa mga taong nakapaligid sayo ng awa ng Diyos.

Makikita mo ang Diyos sa iyong buhay kung iyong ipahayag ang iyong mga kasalanan at aaminin ito at panatilihin ang iyong puso na malinis sa harap ng Diyos.

Magpakumbaba ka kapag ang mga tao'y nilapitan ka at ipinaliwanag sayo upang pigilan ka at umalis mula sa maling gawain na iyong ginagawa laban sa Diyos.

Magsisi sa iyong pansariling motibo sa likod ng ano iyong ginagawa, at isaisip na ang Diyos ay nakikita ang walang kalinisan ng iyong puso.

Ako'y nanalangin na ang mensaheng ito'y humatol sa iyong puso sa lahat ng iyong maling mga ginawa at magdesisyon upang magsisi, ipahayag ang iyong mga kasalanan, talikuran ito, at linisin ang iyong puso sa harapan ng Diyos at ng mga tao. Kailangan gawin ang mga ito upang ang Kanyang mga biyaya ay bumalik sayo at bumalik sa Kanyang mga lingkod at sa Kanyang simbahan.

Magpatuloy sa pagbabasa araw araw ng Salita ng Diyos at makinig sa mga nagpapahayag ng mga mensahe na ipinapadala sayo; ito'y hahatol sayo sa lahat ng iyong mga kasalanan, upang ikaw ay magabayan sa pagsisisi.

Sa pagsisisi mo, piliing mahulog sa kamay ng Diyos sapagkat Siya'y maawain sayo, at sa pagsisisi mo makikita Niya ang iyong malinis na puso at Siya'y kikilos upang ibalik ka at ibalik sa Kanyang presensya at Kanyang paglilingkod.

Sa aking mga kapatid na nagsisi, hinihikayat ko kayo upang magpatuloy na magpahayag at magturo ng Salita ng Diyos sa iba na sila'y maaring mahatulan sa kanilang mga kasalanan at magsisi sa kanilang mga maling gawain at linisin ang kanilang sarili sa harapan ng Diyos.

Maging handa upang bayaran ang halaga ng anong iyong nagawang mali at tanggapin ang kinahinatnan ng iyong mga kasalanan.

Gayundin kailangan mong maunawaan na kailangan mong naghandog mula sa iyong puso anong nararapat sa Diyos, mula sa ikapu, handog, unang bunga, at mga panata. Kailangan mo din magkaroon ng malinis na puso at ipahayag ito sa iyong kagustuhan upang

maghandog sa Diyos ng iyong puso, iyong buhay at iyong mga materyal na bagay kahit saan ka tawagin upang gawin iyon, si David ay may malinis na puso noong siya'y nagsisi, at hindi siya nanlamang kay Arauna na nag alok ng mga libreng bagay. Alam niya na kailangan niyang magbayad ng mahal sa Diyos sa kung anong inuutos Niya sa kanya na gawin.

Huwag man lamang sa mga tao. Kailangan mo upang gawin ang iyong buong responsibilidad sa harap ng Diyos, at maging handa upang maghandog ng tamang sakripisyo na nagpapahayag ng iyong tunay na pagsisisi patungo sa Diyos, at gawin bilang ginawa ni David.

Aking pananalangin:

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, inilibing at bumangon mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa iyong Salita na binuksan ang  aking isip na malinaw at ginawa mong maunawaan ang iyong kalooban at ang daan upang paglingkuran ka.

Ating ihayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Ating hinggin sa Diyos ang kapatawaran at kaawaan para sa ating mga kasalanan na ating nagawa laban sa Kanya.

Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong maling motibo, malisya, masamang pagiisip, pagmamataas, pagmamayabang, pagmamalaki, galit, pagsisi sa iba, panlalamang sa mga tao, atbp.

Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili uoang manatili sa iyong Salita na aking natanggap upang mahulog sa iyong maawain kamay. Panginoon, tulungan mo ako, patawarin sa aking mga kasalanan, kaawaan mo ako, utusan mo ako ano anong kailangan kong gawin, at ibalik mo ako sayo at paglingkuran ka.

Panginoon handa akong pumunta upang gawin ang hinihiling sa akin na gawin, handa akong gumastos upang paluguran ka at ganapin ang iyong kalooban.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harap mo uoang mabuhay at ilapat ang mga prinsipyo na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito, Panginoon protektahan mo sila, at ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin sa kanila na pinatawad mo na sila, at ikaw ay sumasakanila at ginagabayan sila sa kanilang buhay. Panginoon punuin mo ulit sila ng ng iyong Banal na Espiritu at gawin ang kanilang buhay ay patotoo at kaakit akit sa iba upang ang mga tao'y maniwala sayo at magsimulang sumunod sa iyo at mabuhay ng naayon sa iyong Salita at katuwiran. Panginoon gamitin sila upang makapagebanghelyo at makagawa ng bagong mga alagad mo at upang makabuo ng iyong simbahan, ang katawan ni Cristo.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami mg iyong Banal na Espiritu at bigyan daan kami upang makapagebanghelyo at upang maabot ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangin na iyong bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Diyos at ng pakikipagkaisa ng Banal n Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.